Pangalan:_______________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula:_____________Petsa Nang Natapos:_____________Iskor:_______

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pakinabang Pang-ekonomiko mula sa mga Likas na Yaman

I. Panuto:Piliin ang letra ng tamang sagot sa bawat tanong at isulat ito sa patlang bago ang bilang.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| ______1. Naglalarawan sa kopra | a. Romblon |
| ______2. Produktong ginagamitan ng *chromite* | b. perlas |
| ______3. Matatagpuan dito ang mataas na uri ng *chromite* | d. singsing |
| ______4. Halimbawa ng produktong tumutubo sa kabibe | e. pinapatuyong laman ng niyog |
| ______5. Lalawigan kung saan matatagpuan ang pinakamalaking deposito ng marmol | f. Masinloc, Zambales |

II. Panuto: Basahin mabuti ang teksto. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong kaugnay nito.

Sa tuwing babaha sa Ilog Prinza sa Las Piñas, ang palaging itinuturong dahilan ay ang makakapal na *water lily*. Kaya naman pinagtutuonan ng pamahalaang lokal ang paghanap ng solusyon sa suliraning ito. Sa pamamagitan ng *livelihood skills program* ng lungsod, gumawa ng pag-aaral kung paano magagamit ang mga *water lily*. Untiunti nilang pinroseso ang mga ito mula sa pagbibilad sa araw hanggang pagdidisenyo ng kagamitan. Hindi naging madali ang pinagdaanan nilang proseso ngunit hindi sila sumuko. Kinailangan nila ang tulong ng mga mamamayan. Sa kalaunan ay nakagawa sila ng kagamitan tulad ng *bag, tissue holder, pencil holder, basket, hamper, fruit basket,* at *lampshade*. Nagbibigay-buhay ito sa ma higit 50 pamilya sa Las Piñas.



CC0 Public Domain via pxhere.com

Binibili ng ₱0.25 ang bawat tangkay ng *water lily* sa Las Piñas. Naipagbibili ang produkto depende sa disenyo at pagkagawa nito. Pumatok sa Japan, France, at Estados Unidos ang mga produktong gawa sa *water lily*. Mula sa pangyayaring ito, mahihinuha na walang bagay sa mundo ang magdudulot ng pinsala sa tao. Kinakailangan lamang na pag-isipang mabuti kung ano ang solusyon at tamang gawin upang mapigilan ang pinsalang ito sa kapaki-pakinabang na paraan.

1. Saan karaniwang nakikita ang *water lily*?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

2. Paano ginawang kapaki-pakinabang ang *water lily* ng mga taga-Las Piñas?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

3. Anong katangian ang dapat malinang sa mga mamamayan upang makatulong sa paglinang ng mga likas na yaman ng bansa?

   ____________________________________________

   ____________________________________________